3

# Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 3**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa pakikipagtulungan sa Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS), ay nagsisigurong alinsunod sa Republic Act No. 8047 ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang FILCOLS, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Nuayme S. Enriquez, Mark Joseph C. Fernandez
**Tagasuri:** Mariel Eugene L. Luna, Benipie S. Atlas,Cherry Gil J. Mendoza, Jayson Tadeo,Joyce Arce
**Tagaguhit:** Charles Calixto, Fermin M. Fabella
**Tagalapat:** Analyn T. Serrano

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | **Makabansa 3** | **Markahan** | **Isa** |
| **Linggo** | **Ikaapat** | **Araw** | **Una** |
| **Pamagat/ Paksa ng Aralin** | **Mahahalagang Lugar at Pangyayari na Bahagi ng Kasaysayan ng Kinabibilangang Komunidad** | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Gawain: "ANG KASAYSAYAN NG AKING KOMUNIDAD"**

**Panuto:** Ang guro ay magpapabasa ng teksto ng teksto o magpapanood ng Video tungkol sa Kasaysayan ng kinabibilangang komunidad.

**Halimbawa ng Teksto:**

Nagsimula ang Muntinlupa bilang isang lupain na napasailalim sa pangangalaga ng Datu Tunasan 1601. Hindi nakatitiyak kung alin ang tama dahil sa kakulangan ng talaan o kasulatan tungkol dito. May isang panig na inu-ugnay ang pangalan nito sa manipis na luwad na matatagpuan sa pook. Mayroon namang iba na nanatiling may kaugnayan ito sa hugis ng lupain kaya't ang salitang "Hunasan", bundok sa wikang Kastila, ay isinalin sa Muntinlupa na ang ibig sabihin ay bulubunduking lupa. Mayroon din nagsasabing nagsimula ang pangalan "Tunasan" dahil sa mga Lupang nasasakupan neto. at malakas na empluwensya sa mga taga roon, ang mga sagot ng mga naninirahan nang tanungin sila ng mga Kastila kung ano ang pangalan ng lugar sa pagaakalang ang pangalan ng kanilang nilalaro ang siyang tinatanong.

Naitala ni Datu tunasan, isang dating namamahala, ang pangalan ng pook bilang *La Poblacion Que Sigue Se*

*Llama Muntinlupa* nuong kaagahan ng ika-19 na dantaon. Ang barangay Poblacion lamang ang itinuturing na Muntinlupa nuong sinauna ngunit upang mapamahalaang mabuti ng mga Kastila ang lupain ay ipinailalim rin nila rito ang mga karatig na pook ng Alabang, Sucat, Tunasan at Cupang noong taong-1869.

Naging bahagi ng Morong, Rizal ang Muntinlupa noong 1901 at panandaliang naging bahagi ng bayan ng Biñan, Laguna noong 1903. Nagsampa ng pagtutol ang mga naninirahan kaya naman binalik muli ito sa lalawigan ng Rizal at naging bahagi ng Taguig noong 1905. Naging ganap lamang ang kasarinlang bayan ng Muntinlupa noong taong 1918 sa pamamagitan ng Executive Order 108 ni Gob. Harrison.

Taong 1975 nang hiniwalay ito mula sa lalawigan ng Rizal at naging bahagi ng Kalakhang Maynila. Naging ganap na lungsod ang Muntinlupa at naging ika-65 na lungsod ng Pilipinas noong ika-1 ng Marso, 1995 sa pamamagitan ng Republic Act No. 7926· Simula 2001, idinidiwang na isang *Special Working Holiday* sa lungsod ang ika-1 ng Marso Muntinlupa City Charter Day.

**Halimbawa ng Video ng Kasaysayan ng isang Lungsod**




Pinagmulan:
https://www.youtube.com/watch?v=qi7V_EO95SU&t=105s

Mula sa panayam kay **Ginoong Michael Angelo Tabuyan** Historian Lungsod ng Muntinlupa bilang parte ng Kagitingan Lecture para sa Philippine Veterans Affairs

**Gawain: POOK KASAYSAYAN**

**Panuto:** Kumpletuhin ang talahayan sa Ibaba.Isulat ang mga mahahalagang lugar na iyong nalalaman sa iyong komunidad na may mahalagang ambag sa kasaysayan ng iyong kinabibilangang komunidad.

Ang guro ay tatawag ng ilang mag-aaral upang ipakita ang kanilang awtput sa kanilang kamag-aral.

**Tirahan, Lalawigan o Lungsod, Rehiyon:**

___________________________________


| **Tawag sa Mahalagang Pook** | **Mahalagang ambag sa Kasaysayan** |
|---|---|
| **Hal.**<br>**Japanese Cemetery** | Nagsilbing **Himlayan ng mga sundalong hapones na binawian ng buhay sa Lungsod ng Muntinlupa** namakikita sa compound na sakop ng Bagong Bilangguan ng Bilibid o New Bilibid Prison |
| **1.** | |
| **2.** | |
| **3.** | |

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| Asignatura | Makabansa 3 | Markahan | Isa |
|---|---|---|---|
| Linggo | Ikaapat | Araw | Una |
| Pamagat/ Paksa ng Aralin | Mahahalagang Lugar at Pangyayari na Bahagi ng Kasaysayan ng Kinabibilangang Komunidad | | |
| Pangalan | | Baitang at Seksiyon | |

**Gawain: ANG ORAS AY MAHALAGA**

**Panuto:** Base sa nabasang teksto tungkol sa kasaysayan ng iyong kinabibilangang komunidad. Ang guro ay aatasan ang mga Mag-aaral na gumawa ng timeline of events gamit ang graphic organizer sa ibaba.



## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO


| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | **Makabansa 3** | **Markahan** | **Una** |
| **Linggo** | **4** | **Araw** | **Ikalawa** |
| **Pamagat/ Paksa ng Aralin** | **Nailalahad ang mga gampanin sa kasaysayan ng mga mahahalagang lugar at pangyayari sa kinabibilangan komunidad.** | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Pagsusuri ng Teksto: ANG MGA KWENTO AT KASASAYAN NG LUNGSOD MUNTINLUPA**

**Paalala sa Guro:** Ang bahaging ito ay naayon sa konteksto ng iyong komunidad, lungsod o lalawigan at rehiyon.



**Ang Director's Quarters** y nagsisilbing opisyal na tirahan ng Direktor ng Bureau of Prisons. Itinayo nang sabay-sabay sa New Bilibid Prison Administration Building noong 1940, ipinagmamalaki ng istraktura ang isang mahusay na napreserbang arkitektura bago ang digmaan na nagpapakilala sa natatanging edipisyo nito.

Ang **Memorial Hill** ay ang libingan ni Major Eriberto B. Misa Sr. na nagsilbing pagpupugay sa dating Bureau of Prison Director para sa kanyang 12 taong paglilingkod, na naging dahilan upang siya ang pinakamatagal na naglilingkod sa prison director hanggang sa kasalukuyan. Ang burol na ito na matatagpuan sa loob ng New Bilibid Prison Reservation sa Muntinlupa City ay duyan ng vintage Japanese cannon na ginamit noong digmaan at isang grotto statue ng Our Lady of Lourdes kung saan ang mga regular na misa noong unang bahagi ng 1950s ay ginanap bago ang pagtatayo at pag-install ng Our Lady of Mercy. Chaplaincy.


**Iba pang-makasaysayang Pook sa lungsod ng Muntinlupa:**

- Bagong Bilangguang Bilibid
- Biological Production Services Building
- Japanese Cemetery
- Liwasan ng mga Bayani
- Memorial for Peace (Osawa Shrine)
- Jamboree Lake
- Museo ng Muntinlupa
- Rizal-Laguna Marker

**Mga Makasaysayang Pook sa Pambansang Punong Rehiyong**



**Ang Bantayog ni Andres Bonifacio at ng Katipunan** ay ipinatayo upang gunitain ang kabayanihan ng isang magiting na anak ng Tondo. Hindi lamang siya naging ama ng rebolusyon sa mga Espanyol, siya ay tinuturing din na bayani ng mga Tagalog noong panahon ng mga Espanyol. At dahil na rin sa naumpisahan niyang rebolusyon, nag-alsa na rin ang iba't- ibang lalawigan ng buong bansa. Kung kaya't siya ay tinuring na rin na isang bayani ng buong bansa.



**Ang Liwasang Rizal o Rizal Park** ay nasa puso ng Lungsod ng Maynila. Dating tinatawag na Bagumbayan (mula sa "bagong bayan") noong panahon ng mga Espanyol.Tanyag din ito sa tawag na Luneta ngayon. Naging makasaysayan ito dahil sa mga pangyayaring naganap sa pook na ito. Dito binaril si Dr. Jose Rizal noong Disyembre 30, 1896. Ipinangalan sa kaniya ang liwasan bilang parangalan sa kaniyang nagawang kabayanihan para sa bansang Pilipinas.

Pinagkunan:

**Iba pang-makasaysayang Pook sa Pambansang Punong Rehiyong**

- 200 daang taong bahay ni Don Laureano Gueavara. Kilala ito sa tawag na "Kap. Moy sa Lungsod Marikina
- Asilo de Huerfanos sa Lungsod Malabon
- San Felipe Neri Church sa Lungsod ng Mandaluyong
- Sigaw sa Pugad Lawin sa Balintawak.
- Fort Santiago sa Lungsod ng Maynila
- People Power Monument
- Bamboo Organ sa Las Piñas
- Ang Tulay ng Zapote

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | **Makabansa 3** | **Markahan** | **Una** |
| **Linggo** | **4** | **Araw** | **Ikalawa** |
| **Pamagat/ Paksa ng Aralin** | **Nailalahad ang mga gampanin sa kasaysayan ng mga mahahalagang lugar at pangyayari sa kinabibilangan komunidad.** | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Gawain: Paggawa ng Repleksiyon:**

Panuto: Gamit ang Diyagram sa ibaba. Gumawa ng isang Repleksiyon tungkol sa kahalagahan at mga paraan ng pangangalaga sa mga mahahalagang lugar at pangyayari na bahagi ng kasaysayan ng kinabibilangang komunidad

## ANG AKING REPLEKSIYON

Kahalagahan ng Makasaysayng Lugar:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Mapangangalagaan ko ang mga ito sa pamamagitan ng

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | **Makabansa 3** | **Markahan** | **Isa** |
| **Linggo** | **4** | **Araw** | **IKATLO** |
| **Pamagat/ Paksa ng Aralin** | **Nailalahad ang mga gampanin sa kasaysayan ng mga mahahalagang lugar at pangyayari sa kinabibilangan komunidad.** | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**GAWAIN: CULTURAL HERITAGE MAPPING:**

**Panuto:** Bumuo ng pangkat na may anim na miyembro. Gamit ang Cultural Heritage Mapping format ang mga Mag-aaral ay kikilalanin ang kanyang Komunidad sa pamamagitan ng mga paglilista ng mga kinakailangang datos tungkol sa kinabibiblangan Komunidad.

**Paalala sa Guro:** Ang mga larawan ay nakaayon sa konteksto ng iyong komunidad, lalawigan o lungsod at rehiyon.

| **Mga Hayop na hanggang ngayon makikita sa aking komunidad** | **Katangian at kahalagahan sa komunidad** | **Mga Hayop na dating nakikita sa aking komunidad** |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| **Mga Puno at halaman na hanggang ngayon makikita sa aking komunidad** | **Katangian at kahalagahan sa komunidad** | **Mga Puno at halaman na dating nakikita sa aking komunidad** |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| **Mga Makasaysayang Lugar na hanggang** | **Katangian at kahalagahan sa komunidad** | **Mga Makasaysayang Lugar na dating** |

| | | |
|---|---|---|
| **ngayon makikita sa aking komunidad** | | **makikita sa aking komunidad** |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| **Mga Makasaysayang pangyayari na hanggang ngayon makikita sa aking komunidad** | **Katangian at kahalagahan sa komunidad** | **Mga Makasaysayang pangyayari na dating makikita sa aking komunidad** |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**Pangalan ng mga Mananaliksik:**

1.
2.
3.
4.
5.
6.

**Iwinasto ng Guro: ______________________________**